Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Oktubre 15, 2024

OCT 16 202

By: VIA

Bb. ROSALIA CORTEZ
Provincial Board Secretary - OIC
Sangguniang Panlalawigan
Sta. Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim:

Magalang na isinusumite sa inyong Tanggapan ang naritong kalakip na Pambayan/Municipal Ordinance Blg. 042-2024 na may pamagat na "Isang Kautusang Nagtatakda ng Bagong Taripa na Ipatutupad ng Bukal Tricycle Operators and Drivers Association(BUKATODA) Dito sa Nasasakupan ng Bayan ng Cavinti, Laguna na napagtibay ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna.

Mangyaring patunayan ang pagtanggap nito.

Lubos na gumagalang,

NITZSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 100 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA- 16 NG SETYEMBRE, 2024 SA BAHAY PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC CAVINTI, LAGUNA.

RECEIVED
OCT 16 2024
By: VIA

MGA DUMALO: KGG. CHARLES CLIFFORD F. MATTA, Pansamantalang Pang. Punumbayan/Nangulong Pinuno

Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President;

HINDI DUMALO: Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SB Member/SKF President;
*(Official Business)*

**PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 042 – 2024**

**ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA NG BAGONG TARIPA NA IPATUTUPAD NG *BUKAL TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION* (BUKATODA) DITO SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA.**

**May-Akda: KGG. HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE, SB Member**
*Chairman Committee on Public Utilities & Facilities*

**SAPAGKAT**, ang Municipal Tricycle Franchising Regulatory Board (MTFRB) ay nagsumite ng Kapasiyahan Blg. 02-2024 na pinagtibay noong Mayo 9, 2024 "KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TARIPA NG BUKAL-TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION (BUKATODA) DITO SA CAVINTI, LAGUNA" upang kilalanin at pagtibayin;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatakda ng "Section 3T.055 ng Municipal Ordinance No. 04-2022 o ang "*Revised Revenue Code of 2022 of the Municipality of Cavinti,* Laguna", na nagsasaad na ang Municipal Tricycle Franchising Regulatory Board (MTFRB) "***shall promulgate rules and regulations for the proper implementation of this Article which shall continue to be in full force and effect until revoked or modified by the Sangguniang Bayan***";

**SAPAGKAT,** sanhi ng lumalaking populasyon , kaalinsabay nito ang pagdami rin ng mga mamamayang mananakay, mga turistang dumarayo dito sa ating bayan, kung kaya kinakailangan ang pagpapatupad ng taripa o ang tamang singil sa bawat pasahero ng *Bukal Tricycle Drivers Operators Association* (BUKATODA), upang makontrol at magkaroon ng pare-parehas na singil na ipapataw sa bawat mananakay, at kailangang ipatupad ng naaayon sa itinatakda ng batas at upang matugunan din ang pangangailangan sa serbisyong

MILBERT L. OLIVEROS
Pansamantalang Punumbayan

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
Pansamantalang
Pang. Punumbayan

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III/Pansamantalang Tagatala

Office of the Mayor
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE CARLA R. MEJILLA
DATE: 15 OCT 2024 TIME: 1:54

pangtransportasyon ang pinahahalagahan ay kinakailangan din ang patas at balanseng pagsasakatuparan ng nasabing taripa;

**DAHIL DITO,** pangmadlang kagalingan at kapakinabangan ng mga mamamayang mananakay ng BUKATODA ang pinahahalagahan, , buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya nang ngayon ay ginagawang pagpapasiya, na SANG-AYUNAN at PAGTIBAYIN ang mga sumusunod:

**SEKSYON 1. TITULO.** ***"ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA NG BAGONG TARIPA O PATAW NA SINGIL SA LAHAT NG MGA MANANAKAY O PASAHERO NG BUKATODA"*** **.**

**SEKSYON 2** . MGA ALITUNTUNIN NA DAPAT SUNDIN NG MGA OPERATORS AT DRAYBER NA MIYEMBRO NG BUKATODA, gaya ng mga sumusunod:

1. Hanggang apat (4) na pasahero lamang ang maaaring isakay ng bawat traysikel sa kada isang regular na biyahe;

2. Kinakailangan na ang Tala ng Bagong TARIPA ay nakapaskel sa lahat ng traysikel ng BUKATODA, upang mabasa at makita ng mga pasahero ang takdang singil na babayaran.;

3. Kinakailangan ang pagbibigay ng 20% discount sa mga Senior Citizens, PWD, at mga estudyante at magpepresenta ang mga ito ng kanilang I.D. bilang katunayan;

4. Sa mga otorisadong terminal lamang sila maaaaring maningil ng special Trip Rate at ito ay walang discount para sa sinumang pasahero; at

5. Kapag dalawa o tatlong pasahero ang sumakay sa Special Trip ay kinakailangang maghahati-hati sila sa pamasahe, ayon sa nakatakdang singil sa taripa.

SEKSYON. 3. TAKDANG SINGIL O TARIPA.

a.

| FROM TERMINAL | TO (DESTINATION) | REGULAR TRIP PER HEAD (UP TO 3 PASSENGERS ONLY) PhP | SENIOR CITIZENS/PWD/ STUDENT WITH ID (20%% DISCOUNT) PhP | SPECIAL TRIP (SOLO (HATI PAG 2 PASAHERO) NO DISCOUNT PhP |
|---|---|---|---|---|
| BAYAN | SISILMIN-ILOG | 20 | 16 | 50 |
| BAYAN | SISILMIN-BRGY. | 25 | 20 | 70 |
| BAYAN | SISILMIN-ULAPA | 30 | 24 | 80 |

MILBERT L. OLIVEROS
Pansamantalang Punumbayan

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
Pansamantalang
Pang. Punumbayan

NANETTE ... JUAREZ
Bookbinder III/Pansamantalang Tagatala

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| BAYAN | BUKAL | 50 | 40 | 150 |
| BAYAN | (SAMBAT) SUMUCAB | 70 | 56 | 200 |
| BAYAN | SUMUCAB | 100 | 80 | 300 |
| BAYAN | CANSUSO | 100 | 80 | 300 |
| BAYAN | SITIO CANSUSO | 120 | 96 | 350 |
| BAYAN | SITIO PATULA | 200 | 160 | 500 |
| BAYAN | SITIO CALMINOE | 200 | 160 | 500 |
| BAYAN | PAOWIN | 150 | 120 | 400 |
| BUKAL | SISILMIN-ILOG | 45 | 36 | 125 |
| BUKAL | SISILMIN-BRGY. | 35 | 28 | 100 |
| BUKAL | SISILMIN-ULAPA | 25 | 20 | 75 |
| BUKAL | SAMBAT (SUMUCAB) | 30 | 24 | 100 |
| BUKAL | SUMUCAB | 50 | 40 | 150 |
| BUKAL | CANSUSO | 50 | 40 | 150 |
| BUKAL | SITIO CANSUSO | 70 | 56 | 200 |
| BUKAL | SITIO PATULA | 150 | 120 | 350 |
| BUKAL | SITIO CALMINOE | 150 | 120 | 350 |
| BUKAL | PAOWIN | 100 | 80 | 250 |

b. Ang mga biyahe sa ibang barangay o lugar na nasasakupan ng bayan ng Cavinti na hindi nabanggit dito ay nasa pag-uusap na lamang ng drayber at pasahero, o kontrata ang pagbabasehan ng pamasahe habang patuloy pang pinag-aaralan ng lokal na pamahalaan ang tamang taripa para sa nasabing ibang mga ruta.

**SEKSYON 4.** MGA OTORISADONG LUGAR NG TERMINAL NG BUKATODA.

1. Bukal Road Rotonda (Bayan)
2. Barangay ng Sisilmin (ilog), Sisilmin Brgy., Sisilmin – Ulapa;
3. Barangay Bukal,
4. Barangay Sumucab, Sumucab (Sambat)
5. Barangay Cansuso, Sitio Cansuso, Sitio Patula, Sitio Calminoe
6. Barangay Paowin
7. Barangay Bukal – Sisilmin – Ilog
8. Barangay Bukal – Sisilimn – Ulapa
9. Barangay Bukal – Sambat (sumucab)
10. Barangay Bukjal – Sumucab
11. Barangay Bukal – Cansuso
12. Barangay Bukal –Sitio Cansuso
13. Barangay Bukal – Sitio Patula
14. Barangay Bukal – Sitio Calminoe
15. Barangay Bukal – Paowin

MILBERT L. OLIVEROS
Pansamantalang Punumbayan

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
Pansamantalang
Pang. Punumbayan

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III/Pansamantalang Tagatala

**SEKSYON 5.** MGA PARUSA SA PAGLABAG SA KAUTUSANG ITO.

1. Ang sinumang lalabag sa anumang probisyon ng kautusan ito ay mapaparusan sang-ayon sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Unang Paglabag | -magmumulta ng Isang Libong (Php1,000.00); |
| Ikalawang Paglabag | -magmumulta ng Dalawang Libong Piso (Php2,000.00); |
| Ikatlong Paglabag | -magmumulta ng Dalawang Libo at at Limang Daang Piso (Php 2,500.00), Pansamantalang pagkakansela ng prangkisa sa loob ng tatlong buwan |

2. Ang sinumang lalalabag sa iba pang mga probisyon na hindi nasasaad sa itaas nito, subalit nakapaloob naman sa *KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 2017-002 " ISANG KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAG-AAMYENDA SA MGA PROBISYONG ITINAKDA SA MGA PANUNTUNAN AT ALITUNTUNIN UKOL SA TRAPIKO NA IPINATUTUPAD DITO SA CAVINTI, LAGUNA"* ay magmumulta pa din ng isang Libong Piso (Php 1,000.00) at hindi lalagpas ng halagang Dalawang Libo at Limang Daang (Php 2,500.00) o di kaya ay pagkakulong hindi bababa ng isang buwan hanggang anim na buwan depende sa hatol ng hukuman sa bawat isang paglabag, at tuluyang pagkansela ng prangkesa.

**SEKSYON 6**. PAGPAPAHAYAG NG PAGKAKAHIWALAY. Kung sakaling ang mga pahayag sa kautusang ito ay hindi wasto, hindi naaayon sa konstitusyon o hindi naaayon sa Pambansang Batas, mga opatakaran at regulasyon, at iba pang mga probisyon,. Kung hindi sila nahihiwalay sa mga hindi wasto, ay mananatiling may bisa at umiiral.

**SEKSYON 7.** PAGPAPAWALANG BISA.. Ang anumang nakaraang mga kautusan, mga patakaran, regulasyon, utos ng pang-ehekutibo at administratibo o memoranda ay binabago nang naaayon.

**SEKSYON 8**. PAGPAPATUPAD. Ang Ordinansa na ito ay magkakabisa ayon sa pag-apruba at pagsunod sa ipinag-uutos na paglalathala sa publikasyon, na isinasaad sa ilalim ng R,A. 7160, na lalong kilala bilang Local Government code of 1991.

**UTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito, ang mga sumusunod:

1. Mga Samahan ng Traysikel
2. Lahat ng Sangguniang Barangay
3. Mga Ahensya ng Pamahalaan
   Lahat dito sa Cavinti, Laguna
4. Kgg. Sangguniang Panlalawigan ng Laguna.

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito, ang mga kinauukulang ahensiya ng pamahalaan, para sa kanilang maagang kaalaman, kabatiran at kaukulang pagpapatibay,

MILBERT L. OLIVEROS
Pansamantalang Punumbayan

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
Pansamantalang
Pang. Punumbayan

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III Pansamantalang Tagatala

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kautusang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika- 100 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika- 16 ng Setyembre 2024.

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III
Pansamantalang Tagatala

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. CHARLES CLIFFORD F. MATTA**
**PANSAMANATALANG PANG. PUNUMBAYAN/**
**NANGULONG PINUNO**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**PANSAMANTALANG PUNUMBAYAN**

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 100 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA- 16 NG SETYEMBRE, 2024 SA BAHAY PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. CHARLES CLIFFORD F. MATTA, Pansamantalang Pang. Punumbayan/Nangulong Pinuno

Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President;

HINDI DUMALO: Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SB Member/SKF President;
*(Official Business)*

RECEIVED
OCT 16 202?
By:

## PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 042 – 2024

**ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA NG BAGONG TARIPA NA IPATUTUPAD NG *BUKAL TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION* (BUKATODA) DITO SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA.**

**May-Akda: KGG. HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE, SB Member**
*Chairman Committee on Public Utilities & Facilities*

**SAPAGKAT**, ang Municipal Tricycle Franchising Regulatory Board (MTFRB) ay nagsumite ng Kapasiyahan Blg. 02-2024 na pinagtibay noong Mayo 9, 2024 "KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TARIPA NG BUKAL-TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION (BUKATODA) DITO SA CAVINTI, LAGUNA" upang kilalanin at pagtibayin;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatakda ng "Section 3T.055 ng Municipal Ordinance No. 04-2022 o ang "*Revised Revenue Code of 2022 of the Municipality of Cavinti,* Laguna", na nagsasaad na ang Municipal Tricycle Franchising Regulatory Board (MTFRB) "***shall promulgate rules and regulations for the proper implementation of this Article which shall continue to be in full force and effect until revoked or modified by the Sangguniang Bayan***";

**SAPAGKAT,** sanhi ng lumalaking populasyon , kaalinsabay nito ang pagdami rin ng mga mamamayang mananakay, mga turistang dumarayo dito sa ating bayan, kung kaya kinakailangan ang pagpapatupad ng taripa o ang tamang singil sa bawat pasahero ng *Bukal Tricycle Drivers Operators Association* (BUKATODA), upang makontrol at magkaroon ng pare-parehas na singil na ipapataw sa bawat mananakay, at kailangang ipatupad ng naaayon sa itinatakda ng batas at upang matugunan din ang pangangailangan sa serbisyong

MILBERT L. OLIVEROS
Pansamantalang Pumumbayan

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
Pansamantalang
Pang. Punumbayan

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III/Pansamantalang Tagatala

Office of the Mayor
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE CARLA R. MEJILLA
DATE: 15 OCT 2024 TIME: 1:54

pangtransportasyon ang pinahahalagahan ay kinakailangan din ang patas at balanseng pagsasakatuparan ng nasabing taripa;

**DAHIL DITO,** pangmadlang kagalingan at kapakinabangan ng mga mamamayang mananakay ng BUKATODA ang pinahahalagahan, , buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya nang ngayon ay ginagawang pagpapasiya, na SANG-AYUNAN at PAGTIBAYIN ang mga sumusunod:

**SEKSYON 1. TITULO.** ***"ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA NG BAGONG TARIPA O PATAW NA SINGIL SA LAHAT NG MGA MANANAKAY O PASAHERO NG BUKATODA" .***

**SEKSYON 2** . MGA ALITUNTUNIN NA DAPAT SUNDIN NG MGA OPERATORS AT DRAYBER NA MIYEMBRO NG BUKATODA, gaya ng mga sumusunod:

1. Hanggang apat (4) na pasahero lamang ang maaaring isakay ng bawat traysikel sa kada isang regular na biyahe;
2. Kinakailangan na ang Tala ng Bagong TARIPA ay nakapaskel sa lahat ng traysikel ng BUKATODA, upang mabasa at makita ng mga pasahero ang takdang singil na babayaran.;
3. Kinakailangan ang pagbibigay ng 20% discount sa mga Senior Citizens, PWD, at mga estudyante at magpepresenta ang mga ito ng kanilang I.D. bilang katunayan;
4. Sa mga otorisadong terminal lamang sila maaaaring maningil ng special Trip Rate at ito ay walang discount para sa sinumang pasahero; at
5. Kapag dalawa o tatlong pasahero ang sumakay sa Special Trip ay kinakailangang maghahati-hati sila sa pamasahe, ayon sa nakatakdang singil sa taripa.

SEKSYON. 3. TAKDANG SINGIL O TARIPA.

a.

| FROM TERMINAL | TO (DESTINATION) | REGULAR TRIP PER HEAD (UP TO 3 PASSENGERS ONLY) PhP | SENIOR CITIZENS/PWD/ STUDENT WITH ID (20%% DISCOUNT) PhP | SPECIAL TRIP (SOLO (HATI PAG 2 PASAHERO) NO DISCOUNT PhP |
|---|---|---|---|---|
| BAYAN | SISILMIN-ILOG | 20 | 16 | 50 |
| BAYAN | SISILMIN-BRGY. | 25 | 20 | 70 |
| BAYAN | SISILMIN-ULAPA | 30 | 24 | 80 |

MILBERT L. OLIVEROS
Pansamantalang Punumbayan

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
Pansamantalang
Pang. Punumbayan

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III/Pansamantalang Tagatala

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| BAYAN | BUKAL | 50 | 40 | 150 |
| BAYAN | (SAMBAT) SUMUCAB | 70 | 56 | 200 |
| BAYAN | SUMUCAB | 100 | 80 | 300 |
| BAYAN | CANSUSO | 100 | 80 | 300 |
| BAYAN | SITIO CANSUSO | 120 | 96 | 350 |
| BAYAN | SITIO PATULA | 200 | 160 | 500 |
| BAYAN | SITIO CALMINOE | 200 | 160 | 500 |
| BAYAN | PAOWIN | 150 | 120 | 400 |
| BUKAL | SISILMIN-ILOG | 45 | 36 | 125 |
| BUKAL | SISILMIN-BRGY. | 35 | 28 | 100 |
| BUKAL | SISILMIN-ULAPA | 25 | 20 | 75 |
| BUKAL | SAMBAT (SUMUCAB) | 30 | 24 | 100 |
| BUKAL | SUMUCAB | 50 | 40 | 150 |
| BUKAL | CANSUSO | 50 | 40 | 150 |
| BUKAL | SITIO CANSUSO | 70 | 56 | 200 |
| BUKAL | SITIO PATULA | 150 | 120 | 350 |
| BUKAL | SITIO CALMINOE | 150 | 120 | 350 |
| BUKAL | PAOWIN | 100 | 80 | 250 |

b. Ang mga biyahe sa ibang barangay o lugar na nasasakupan ng bayan ng Cavinti na hindi nabanggit dito ay nasa pag-uusap na lamang ng drayber at pasahero, o kontrata ang pagbabasehan ng pamasahe habang patuloy pang pinag-aaralan ng lokal na pamahalaan ang tamang taripa para sa nasabing ibang mga ruta.

**SEKSYON 4.** MGA OTORISADONG LUGAR NG TERMINAL NG BUKATODA.

1. Bukal Road Rotonda (Bayan)
2. Barangay ng Sisilmin (ilog), Sisilmin Brgy., Sisilmin – Ulapa;
3. Barangay Bukal,
4. Barangay Sumucab, Sumucab (Sambat)
5. Barangay Cansuso, Sitio Cansuso, Sitio Patula, Sitio Calminoe
6. Barangay Paowin
7. Barangay Bukal – Sisilmin – Ilog
8. Barangay Bukal – Sisilimn – Ulapa
9. Barangay Bukal – Sambat (sumucab)
10. Barangay Bukjal – Sumucab
11. Barangay Bukal – Cansuso
12. Barangay Bukal –Sitio Cansuso
13. Barangay Bukal – Sitio Patula
14. Barangay Bukal – Sitio Calminoe
15. Barangay Bukal – Paowin

**MILBERT L. OLIVEROS**
**Pansamantalang Punumbayan**

**CHARLES CLIFFORD F. MATTA**
**Pansamantalang Pang. Punumbayan**

**NANETTE V. JUAREZ**
**Bookbinder III/Pansamantalang Tagatala**

**SEKSYON 5.** MGA PARUSA SA PAGLABAG SA KAUTUSANG ITO.

1. Ang sinumang lalabag sa anumang probisyon ng kautusan ito ay mapaparusan sang-ayon sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Unang Paglabag | -magmumulta ng Isang Libong (Php1,000.00); |
| Ikalawang Paglabag | -magmumulta ng Dalawang Libong Piso (Php2,000.00); |
| Ikatlong Paglabag | -magmumulta ng Dalawang Libo at at Limang Daang Piso (Php 2,500.00), Pansamantalang pagkakansela ng prangkisa sa loob ng tatlong buwan |

2. Ang sinumang lalalabag sa iba pang mga probisyon na hindi nasasaad sa itaas nito, subalit nakapaloob naman sa *KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 2017-002 " ISANG KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAG-AAMYENDA SA MGA PROBISYONG ITINAKDA SA MGA PANUNTUNAN AT ALITUNTUNIN UKOL SA TRAPIKO NA IPINATUTUPAD DITO SA CAVINTI, LAGUNA"* ay magmumulta pa din ng isang Libong Piso (Php 1,000.00) at hindi lalagpas ng halagang Dalawang Libo at Limang Daang (Php 2,500.00) o di kaya ay pagkakulong hindi bababa ng isang buwan hanggang anim na buwan depende sa hatol ng hukuman sa bawat isang paglabag, at tuluyang pagkansela ng prangkesa.

**SEKSYON 6**. PAGPAPAHAYAG NG PAGKAKAHIWALAY. Kung sakaling ang mga pahayag sa kautusang ito ay hindi wasto, hindi naaayon sa konstitusyon o hindi naaayon sa Pambansang Batas, mga opatakaran at regulasyon, at iba pang mga probisyon,. Kung hindi sila nahihiwalay sa mga hindi wasto, ay mananatiling may bisa at umiiral.

**SEKSYON 7.** PAGPAPAWALANG BISA.. Ang anumang nakaraang mga kautusan, mga patakaran, regulasyon, utos ng pang-ehekutibo at administratibo o memoranda ay binabago nang naaayon.

**SEKSYON 8**. PAGPAPATUPAD. Ang Ordinansa na ito ay magkakabisa ayon sa pag-apruba at pagsunod sa ipinag-uutos na paglalathala sa publikasyon, na isinasaad sa ilalim ng R,A. 7160, na lalong kilala bilang Local Government code of 1991.

**UTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito, ang mga sumusunod:

1. Mga Samahan ng Traysikel
2. Lahat ng Sangguniang Barangay
3. Mga Ahensya ng Pamahalaan
   Lahat dito sa Cavinti, Laguna
4. Kgg. Sangguniang Panlalawigan ng Laguna.

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito, ang mga kinauukulang ahensiya ng pamahalaan, para sa kanilang maagang kaalaman, kabatiran at kaukulang pagpapatibay,

MILBERT L. OLIVEROS
Pansamantalang Punumbayan

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
Pansamantalang
Pang. Punumbayan

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III Pansamantalang Tagatala

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kautusang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika- 100 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika- 16 ng Setyembre 2024.

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III
Pansamantalang Tagatala

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. CHARLES CLIFFORD F. MATTA**
**PANSAMANATALANG PANG. PUNUMBAYAN/**
**NANGULONG PINUNO**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**PANSAMANTALANG PUNUMBAYAN**

**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Cavinti**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

KATITKAN NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG TUNGKOL SA " ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA NG BAGONG TARIPA NA IPATUTUPAD NG BUCATODA DITO SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA NA GINANAP NOONG IKA-20 NG AGOSTO 2024, SA BULWAGANG PULUNGANG PAMBAYAN.

MGA DUMALO: SB ROMEL J. VILLANUEVA, TAGAPANGULO-LUPON SA MGA BATAS, ORDINANSA AT LEGAL NA USAPIN;
SB HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE, TAGAPANGULO-LUPON SA TRANSPORTASYON
SB STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN; KASAPI AT
SB GODFREY L. LUBUGUIN, KASAPI

PANAUHIN: (See Attached Attendance)

PAKSA: KAUTUSANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 02-2024 NG MUNICIPAL FRANCHISE AND REGULATORY BOARD (MTFRB) 'KAPASIYAHAN PINAGTITIBAY ANG TARIPA NG BUKAL TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION (BUCATODA) DITO SA BAYAN NG CAVINTI."

PAGTALAKAY SA PAKSA:

Binuksan ni SB Habshan Dave D. Blastique ang Pampulikong Pagdinig sa ganap na ika-1:18 ng hapon. Ipinaliwanag ng kagawad na ang paksang pag-uusapan ay tungkol sa kapasiyahan na tumutukoy sa Taripa ng BUKATODA. Aniya'y ito ang magiging basehan ng paniningil sa pamasahe na nararapat sa ating mga kababayan at sa mga drayber/operator ng traysikel. Kaya ayon sa kagawad ay kailangang dumaan ito sa isang *Public Hearing*.

Bago basahin ni SB Habshan ang nilalaman ng paksang pagtalakayan ay ibinigay ang pagkakataon kay SB Romel J. Villanueva para sa ilang mensahe na nais ipaabot sa mga panauhin.

Bumati si SB Romel J. Villanueva sa bawat isa at nagpasalamat din siya sa pagbibigay ng oras para makadalo sa patawag na ito. Humihingi ng paumanhin ang kagawad sapagkat noon daw ay nakapagskedyul na ng *Public Hearing* para pag-usapan ang paksain. Subali't aniya, bukod sa noon ay abala ang halos lahat ng barangay dahil sa gaganaping *10th Sambalilo Festival* ay sobrang lakas pa ng ulan, kaya't hindi ito natuloy.

Sa pagkakataong ito ay nagbigay na rin ng pahayag si SB Romel J. Villanueva tungkol sa kapasiyahan na tumutukoy sa TARIPA. Ayon sa kagawad ito ay pamantayan at pagkakakilanlan ng BUCATODA, kung saan ang munisipyo daw ang nagbababa nito na ayon sa napagkasunduan ng MTFRB at aniya, ito ay pabago-bago dahil sa pag-usad ng panahon. Nilinaw din ni SB Romel J. Villanueva na ang mga hawak na sipi ng nasabing kapasiyahan ay hindi pa batas ng bayan kaya pwede pa itong mabago matapos ang Pampublikong Pagdinig, depende sa mapagkakasunduan na magiging pamasahe. Sinabi pa ng kagawad na kaya kayo (panauhin) na-aandito ay upang tayo na rin ang magpabatid sa mga taumbayan ng mga mapapag-usapan. Paglilinaw pa rin ni SB Romel Villanueva na ang TARIPA ay hindi ang Sangguniang Bayan bayan ang gumagawa ngunit ito ay dinadala sa Sangguiniang Bayan upang maging batas pambayan. Kaya matapos na mapagtibay ang ordinansa ay ang taga-kabilang gusali/Executive Department ang magpapatupad nito. Dagdag pa ng kagawad na sa kapasiyahang pinag-uusapan ay makikita na mayroong mga lugar kung saan sila bumibyahe, kaya dito ibabase kung ang mga nakasaad na pamasahe doon ay karapat-dapat sa panahong ito at kapag ayos na ito ay saka pa lamang gagawing batas na pagtitibayin ng Sangguniang Bayan.

Sa pagpapatuloy ni SB Habshan Dave D. Blastique ay binasa niya ang ilang bahagi ng nakasaad sa kapasiyahan upang sa ganoon ay bigyan ito ng suhestyon/komento o kung sino man ang may nais iparating sa hapag, ito ay ang gaya ng sumusunod:

**SEKSYON 1. ITINAKDANG SINGIL**

| BUCATODA | | | | |
|---|---|---|---|---|
| FROM (TERMINAL) | TO (DESTINATION) | REGULAR TRIP PER HEAD (up to 3 passengers only) | SENIOR CITIZEN/ PWD/ STUDENT WITH ID (20% DISCOUNT) | SPECIAL TRIP (SOLO/ HATI PAG 2 PASAHERO) NO DISCOUNT |
| BAYAN | SISILMIN - ILOG | 20 | 16 | 50 |
| BAYAN | SISILMIN-BARANGAY | 25 | 20 | 70 |
| BAYAN | SISILMIN-ULAPA | 30 | 24 | 80 |
| BAYAN | BUKAL | 50 | 40 | 150 |
| BAYAN | SAMBAT (SUMUCAB) | 70 | 56 | 200 |
| BAYAN | SUMUCAB | 100 | 80 | 300 |
| BAYAN | CANSUSO | 100 | 80 | 300 |
| BAYAN | SITIO CANSUSO | 120 | 96 | 350 |
| BAYAN | SITIO PATULA | 200 | 160 | 500 |
| BAYAN | SITIO CALMINUE | 200 | 160 | 500 |
| BAYAN | PAOWIN | 150 | 120 | 400 |
| BUKAL | SISILMIN - ILOG | 45 | 36 | 125 |
| BUKAL | SISILMIN-BARANGAY | 35 | 28 | 100 |
| BUKAL | SISILMIN-ULAPA | 25 | 20 | 75 |
| BUKAL | SAMBAT (SUMUCAB) | 30 | 24 | 100 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| BUKAL | SUMUCAB | 50 | 40 | 150 |
| BUKAL | CANSUSO | 50 | 40 | 150 |
| BUKAL | SITIO CANSUSO | 70 | 56 | 200 |
| BUKAL | SITIO PATULA | 150 | 120 | 350 |
| BUKAL | SITIO CALMINUE | 150 | 120 | 350 |
| BUKAL | PAOWIN | 100 | 80 | 250 |

Matapos itong basahin ay hiningi ni SB Habshan Dave D. Blastique ang opinyon sa hapag.

Sang-ayon sa samahan ng BUCATODA ay ayos na daw ang mga halaga ng pamasahe na nakasaad sa kapasiyahang pinag-uusapan.

Paglilinaw ni SB Stephanie Princess P. De Guzman sa mga naakatakdang pamasahe sa bawat lugar na binibyahihan ng BUCATODA, dito ay itinanong niya sa pamunuan ng samahan kung ano ang magiging reflection ng mga mananakay/pasahero sakaling ito'y mapagtibay?

Bilang tugon ni G. Rolando Bullosos na ang nakasaad na mga presyo sa kapasiyahan ay alam na rin ng mga pasahero at wala naman daw nagrereklamo dahil ito ay tama lamang at ito na rin ang kanilang sinisingil sa kasalukuyan.

Karagdagang impormasyon ni SB Habshan Dave D. Blastique na wala na sigurong sisilip sa BUCATODA sapagkat noong mga nakaraang pagpupulong daw naman ay nagkaharap-harap na ang iba-ibang samahan ng magtatraysikel dito sa Cavinti. Dagdag pa ng kagawad na sa kapasiyahang pinag-uusapan ay nakapirma ang mga kinauukulan at maging ang lahat ng mga pangulo ng samahn ay nakapirma rin rito.

Tungkol sa reklamo kung saan ay ipinararating ni Barangay kagawad ng Bukal Pedro de Leon na noon daw nakaraang linggo ay ipinatawag sila ng Admin. Vina Lorraine Orolfo dahil may nagreklamo at ang desisyon dito ni admin ay kunin ang *plate number* at pangalan ng drayber ng traysikel at sa Admin. na raw idulog ang reklamo at siya na ang bahalang gumawa ng aksyon.

Ipinababatid ni G. Rolando Bullosos na ang lahat naman daw drayber ng BUCATODA ay may mga ID na nakasabit sa kanilang mga traysikel, kaya madali lamang daw silang makikilala.

Sa hanay ng mga pamasahe na nakasaad sa kapasiyahan, napansin ni G. Rolando Bullosos na hindi pala napasama ang para sa Bukal-Inao-awan-Lumot na dapat daw ay napasama na rin sa ginawang taripa. Dahil sa ngayon daw ang ginagawa nilang (BUCATODA) paniningil ay depende sa mapagkakasunduan ng drayber at pasahero. Ngunit an'ya dapat ay may nakatakdang singil din dito para hindi nagkakaiba-iba ng sinisingil.

Pinasalamatan ng lupon ang naging opinyon ni G. Rolando Bullosos dahil ang pagbyahe daw doon ay hindi nila naisip.

Bilang karagdagang impormasyon, sinabi ni SB Romel J. Villanueva na ang gaya ng naging pahayag ni G. Bullosos ay pag-aaralan nilang (lupon) mabuti kung ano ang magandang hakbangin para makapagtakda na rin ng karampatang pamasahe sa mga nabanggit na lugar at isasama na rin daw ang Silangan at Kanluran Talaongan upang sa ganoon ay magkaroon ng magkakatulad na presyo ng sinisingil sa pamasahe.

Naging bahagi din sa talakayan ang iba pang isyu sa pagbyahe ng mga traysikel gaya ng pagkuha ng prangkesa na ito ay nagiging problema ng asosasyon sa kadahilanang mayroong hindi kumukuha nito ngunit bumibyahe naman; himpilan/terminal at iba. Kaya kaugnay rito tagubilin ni SB Romel J. Villanueva na ang mga ito ay bibigyan na rin nila ng panahon na mapag-uusapan upang hanapan ng mga magagandang solusyon para sa ika-aayos ng lahat. Ayon pa sa kagawad na ang mga tao nama'y unti-unti na ring nasasanay at sumusunod sa pag-usad ng panahon.

Ipinararating din ni SB Habshan Dave D. Blastique sa bawat isa na ano man ang mga pagpaplano/programa sa bawat samahan ng mga magta-traysikel dito sa Cavinti ay pinag-uusapan sa pagpupulong ng MTFRB.

Sapagkat wala ng iba pang nais magbigay ng pahayag kaugnay sa naging paksain, kaya't dahil dito ay napagpasiyahan sa hapag na ang paksain na may pamagat na " ISANG **KAUTUSANG NAGTATAKDA NG BAGONG TARIPA NA IPATUTUPAD NG BUCATODA DITO SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA** ay mailiwat na sa Ikalawang Pagbasa upang doon ay mapagdeliberasyunan sa kapulungan ng Sangguniang Bayan.

Tinapos ang Pampublikong Pagdinig sa ganap na ika-2:10 ng hapon.

Inihanda ni:

ZAINE A. LACOSTALES
Admin. Asst. I

MAY KINALAMA N:

SB ROMEL J. VILLANUEVA
TAGAPANGULO-LUPON SA MGA BATAS, ORDINANSA AT LEGAL NA USAPIN;

SB HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE
TAGAPANGULO-LUPON SA TRANSPORTASYON

SB STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN
KASAPI

SB GODFREY L. LUBUGUIN
KASAPI